

LaGuardia Community College

Itinatag noong 1971 sa Long Island City, Queens, ang LaGuardia Community College ay isa sa pitong community college ng City University of New York/CUNY. Nag-aalok ang walong akademikong departamento ng LaGuardia ng mahigit 50 associate degree at mga programang sertipiko. Kabilang sa mahahalagang larangan ng pag-aaral ang Health Sciences, STEM, Business and Technology, at Liberal Arts. Ang LaGuardia ang ikatlong pinakamalaking prodyuser ng mga STEM graduate sa 25-kolehiyong sistema ng CUNY. Pagkatapos grumadweyt, karamihan sa mga estudyante ay lumilipat sa mga senior college, kadalasan sa loob ng CUNY, upang tapusin ang kanilang Baccalaureate degrees. Ang mga nagtapos sa career programs gaya ng Nursing, New Media Technology, at Veterinary Technology ay pumapasok sa trabaho.

Noong 2019, nakapaglingkod ang LaGuardia sa mahigit 30,000 estudyante sa mga pre-college, associate degree, at continuing education program. Kaayon ng pagkakaiba-iba ng Queens, 56 porsiyento ng mga estudyante ng LaGuardia ay ipinanganak sa labas ng Estados Unidos. Sila ay nagmumula sa 158 iba't ibang bansa, na kumakatawan sa 81 porsiyento ng mga bansa sa buong mundo. Higit sa kalahati (54 porsiyento) ay unang henerasyong college students sa kanilang pamilya. Sitenta'y nuebe porsiyento ang nakatira sa Queens; ang nalalabi ay mula sa Brooklyn at iba pang lugar. Bahagyang mas mababa sa kalahati (48 porsiyento) ang namumuhay nang hiwalay sa kanilang mga magulang. Halos lahat ng estudyante ng LaGuardia ay kabilang sa mga etnikong minorya (88 porsiyento), 58 porsiyento ay kababaihan, at 31 porsiyento ay lampas 25 taong gulang. Apatnapu't walong porsiyento ng mga estudyante ng LaGuardia ay Hispanic, halos doble sa 25 porsiyentong threshold ng U.S. Department of Education para maideklarang isang Hispanic-Serving Institution (HSI). Sitenta'y anim na porsiyento ng mga estudyante ng LaGuardia ay tumatanggap ng anumang uri ng financial aid. Higit sa 70 porsiyento ng mga estudyanteng tumatanggap ng tulong pinansyal at namumuhay nang mag-isa ay kumikita ng mas mababa sa \$25,000 kada taon. Bahagyang mas mababa sa kalahati ng mga estudyante ng LaGuardia (46 porsiyento) ang pumapasok nang part-time, kadalasan dahil kailangan nilang magtrabaho upang suportahan ang kanilang mga pamilya. Ang matrikula ay \$2,400 bawat semestre, dagdag pa ang mga bayarin.

Ang graduation rates para sa mga first-time, full-time na freshman sa LaGuardia ay patuloy na tumaas, mula 20 porsiyento noong 2012 hanggang 32 porsiyento noong 2017, na higit na mataas sa pambansang average na 22 porsiyento. Nanatiling halos matatag ang retention rates. Pumuwesto ang LaGuardia sa ikalimang ranggo sa lahat ng U.S. community college sa usapin ng economic mobility – ang pag-angat ng mga estudyanteng mababa ang kita tungo sa gitnang uri at higit pa – batay sa isang pag-aaral ng Stanford University noong 2017 at ng Brookings Institution noong 2020. Kilala rin ang LaGuardia sa mga workforce development program nito, na naghahanda sa mga residente ng Queens para sa mga karera sa mga sektor na may mataas na pangangailangan sa ekonomiya ng NYC, kabilang ang healthcare, IT, at construction. Sa pakikipagtulungan sa mga kasosyo sa industriya, nag-aalok ang Adult and Continuing Education (ACE) division ng LaGuardia ng praktikal na pagsasanay sa mga hanapbuhay, mahahalagang “life skills” sa lugar ng trabaho, job placement, at suporta sa mga estudyante. Ang mga estudyanteng nakakatapos ng kanilang pagsasanay ay kumakamit ng mga sertipikasyon na kinikilala ng industriya at, sa ilang mga programa, academic credit na maaaring mailapat sa isang degree sa LaGuardia. Ang mga programa ng ACE sa Small Business & Entrepreneur Services – na kinabibilangan ng kauna-unahang Goldman Sachs 10,000 Small Businesses na matatagpuan sa isang community college – ay nagbibigay ng edukasyon at espesyalisadong teknikal na tulong sa libu-libong maliliit na negosyo habang nakikipagtambalan sa mga employer upang lumikha ng talent pipelines, iangat ang kasalukuyang manggagawa, at pasiglahin ang lokal na ekonomiya.

****Paliwanag para sa mga Tagalog speaker sa New York City****

Para sa maraming Pilipino sa New York City–lalo na sa Queens, Brooklyn, at mga kalapit na lugar–malaking tulong ang pagpasok muna sa isang community college tulad ng LaGuardia. Mas mababa ang matrikula kumpara sa apat-na-taóng kolehiyo o unibersidad, kaya mas abot-kaya para sa mga pamilya na may limitadong kita o may mga nagpapadala pa ng pera sa Pilipinas. Marami ring financial aid at scholarship na puwedeng ma-access kung maayos ang inyong immigration at income documents.

Ang community college ay may mas maliliit na klase at mas malapit ang suporta ng mga guro at adviser, kaya mas bagay sa mga bagong salta, sa mga hindi pa sanay sa English, o sa mga unang henerasyon na papasok ng kolehiyo sa pamilya. Karaniwan ding may ESL (English as a Second Language), tutoring, at counseling na tumutulong sa pag-adjust hindi lang sa pag-aaral kundi pati sa buhay dito sa U.S. Mahalaga ito sa mga Pilipinong may shifting schedule, nag-aalaga ng anak o matatanda, o may dalawa o higit pang trabaho. Maraming kurso ang puwedeng kunin nang part-time, sa gabi, o sa weekend.

Isa pa, magandang “stepping stone” ang community college papunta sa apat-na-taóng degree. Puwedeng kumuha muna ng associate degree sa LaGuardia, tapos ilipat ang karamihan sa mga units

papunta sa CUNY senior colleges (halimbawa, City College, Queens College, Brooklyn College) para tapusin ang bachelor's degree. Mas hinahayaan ng ganitong ruta na unti-unting umangat ang inyong English, skills, at kita, habang hindi masyadong nalulubog sa utang sa student loans. Para naman sa mga gusto agad magtrabaho, may mga career program sa healthcare, technology, at iba pa, na mabilis magbukas ng pinto sa mas maayos na trabaho—isang konkretong paraan para sa mga pamilya nating Pilipino sa NYC na makaahon mula sa mababang kita patungo sa mas matatag na gitnang uri.